TAGALOG

فلبيني - (تجالوج)

SUNNAH COLLEGE

# MGA KAGANAPAN SA IBABAW NG LUPA

# أحداث فوق الأرض

Dumaan sa pagsusuri ng Sunnah College committee,
Sumailalim sa pamamahala ni: Sheikh Dr. Haytham Sarhaan

(Guro sa Masjid Nabawi)

**Sarhaan.com – MahadSunnah.com**

**Youtube.com/@MahadSunnah**

بسم الله الرحمن الرحيم

Ang mundo ay puno ng palamuti, magagandang tanawin na bubusog sa ating mga mata, iba't ibang kulay na bumubuo ng magandang larawan, subalit ang mananamapalataya ay hindi nakakalimutan na ang mundong ito ay maglalaho rin, at darating ang araw ng paghuhukom.

Tayo ay nagpupursige na gumawa ng mabubuting gawain at lumalayo sa kasamaan, dahil sa kaalaman natin at kasiguraduhan na ang Araw ng Paghuhukom ay darating, sinabi ni Allah ﷻ sa Qur'an: “Upang ito ay maging paalala sa inyo, sa sinuman na tunay na naniniwala sa Allah at sa Araw ng Paghuhukom”.

At isa sa mga mangyayari bago maguho ang mundo: Ang malakas na lindol sa huling araw sa mundo, pagkatapos na bumangon ng mga tao mula sa kanilang mga libingan, at nabanggit na ito ay mangyayari sa mundo bago ang araw ng paghuhukom.

Ang mga bundok sa laki at tibay nito ay matatanggal sa mga kinaroroonan nito, magiging pulbos na parang mga himulmol na inihipan, sinabi ni Allah ﷻ sa Qur'an: “At ang mga bundok ay

madudurog, at magiging alikabok na kakalat sa hangin”.

Habang ang langit ay mabibiyak, at magiging pintuan para sa pagbaba ng mga Anghel, sa araw na iyon ang langit ay babagsak na parang maruming langis na nalulusaw, at ito ay isasarado, sinabi ni Allah :ﷻ “Sa Araw na ating titiklupin ang langit na parang tiniklop na papel”. Sinabi ni Ibn Abbas: “Katulad ng pagtupi sa isang pahina ng libro”.

Pagkatapos nito ang kalupaan ay papalitan ng ibang kalupaan, sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ : “Ang kalupaan sa Araw ng Paghuhukom ay magiging parang tinapay, ito ay pipigain/iipitin ng Allah katulad kung papaano ninyo ito pinipiga/iniipit ang tinapay bilang baon sa inyong lakbay, at itong araw na ito ay ikakalugod ng mga tao ng paraiso”.

Ang araw ay magiging madilim, sa sinabi ni Allah ﷻsa Qur’an: “Kapag ang araw ay hinayaang magdilim” ipinaliwanag ito ni Ibn Abbas رضي الله عنهما . At sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ : “Ang araw at buwan sa Araw ng Paghuhukom ay didilim, sa araw na ito ang mga tao ay huhusgahan/hahatulan sa kanilang mga gawain, kung saan mapapadali sa mga mananampalataya ang pagsubok sa kanilang mga libro ng gawain, at ang mga gawain na

malalagay sa talakayan ay kinakailangan na ito ay kanilang pagbayaran.

At ating gawain ay titimbangin, tayo'y gumawa ng kabutihan at magkaroon ng mabutihng pag-uugali, upang mapabigat ang timbangan ng ating kabutihan, sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ : "Wala nang mas bibigat sa timbangan ng mananampalataya maliban sa kanyang mabuting pag-uugali".

Pagkatapos ay mananatili ang mga tao ng paraiso sa paraiso, at ang mga tao ng impiyerno sa impiyerno, sinabi ni Allah ﷻ : "At inyong makikita ang mga Anghel na pinapaligiran ang trono ni Allah, kanilang dinadakila ang Panginoon, at mga alipin ni Allah ay hahatulan sila sa katotohanan, at sasabihin ng mga tao sa paraiso: Alhamdulillahi Rabbil Alamin (lahat ng papuri at pasasalamat ay para sa Allah, ang panginoon ng lahat ng nilikha)".

والله تعالى أعلم...